Australian Government
Department of Health and Aged Care



# Mga minuto ng pangangalaga sa mga tahanan ng pangangalaga sa matatanda (aged care homes)

**Ang bawat aged care home ay dapat magbigay ng tiyak na tagal ng oras ng pangangalaga para sa lahat ng nakatira sa tahanan. Ang pangangalaga ay dapat galing sa rehistradong nars, mga naka-enroll na nars, mga manggagawa sa personal na pangangalaga at mga katulong sa nursing. Ito ay tinatawag na responsibilidad sa mga minuto ng pangangalaga.**

## Ano ang nagbago?

Noong 2021, inirekomenda ng Royal Commission sa Aged Care Quality and Safety (Royal Commission) na ang bawat aged care home ay dapat magkaroon ng responsibilidad sa mga minuto ng pangangalaga batay sa mga pangangailangan ng kanilang mga residente. Ginawa ng Pamahalaang Australya na mandatoryo ang mga minutong ito ng pangangalaga mula ika-1 Oktubre 2023.

## Bakit mahalaga ito?

Tinukoy ng Royal Commission na ang antas ng mga kawani ay mahalaga sa kalidad ng residensiyal na pangangalaga na natatanggap ng mga matatandang tao sa Australya. Ang mandatoryong minuto ng pangangalaga ay nangangahulugan na ang mga taong nakatira sa mga aged care home sa buong Australya ay magkakaroon ng mas mahusay na access sa personal at klinikal na pangangalaga.

## Gaano katagal na pangangalaga ang matatanggap ng bawat tao?

Sa karaniwan, ang mga taong nakatira sa isang aged care home ay makakakuha ng 215 minutong pangangalaga bawat araw, kasama ang hindi bababa sa 44 minuto mula sa isang rehistradong nars. Hindi lahat ng oras ng pangangalaga na ito ay ibibigay nang personal. Halimbawa, ang mga aktibidad tulad ng pagbuo ng mga plano sa pangangalaga, pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng pamilya sa mga isyu sa pangangalaga at pag-aayos ng mga appointment sa ibang mga health practitioner ay kasama sa mga minuto ng pangangalaga.

Dahil ang mga target ng minuto ng pangangalaga ay ibinibigay bilang isang average para sa lahat ng mga residente, ang ilang mga tao ay maaaring makatanggap ng mas maraming oras ng pangangalaga, at ang iba ay maaaring makatanggap ng mas kaunti, depende sa kanilang sariling personal na pangangalaga at mga klinikal na pangangailangan.

## Paano ginagawa ng mga aged care home ang kanilang mga target na minuto ng pangangalaga?

Ginagawa ng mga aged care home ang kanilang mga target na minuto ng pangangalaga kada-3 buwan ng taon. Ang mga ito ay batay sa mga pangangailangan sa pangangalaga ng mga taong tumira sa tahanan sa nakaraang 3 buwan. Nangangahulugan ito na magkakaroon sila ng iba't ibang mga target kada-tatlong buwan. Makikita mo, pati na ang iyong pamilya at mga tagapag-alaga, ang kasalukuyang mga target ng minuto ng pangangalaga ng iyong tahanan sa aming website sa seksyon ng data: www.health.gov.au/resources/collections/care-minutes-and-247-registered-nurse-responsibility-resources#data.

## Paano ko makikita kung natutugunan ng aking tahanan ang mga target ng minuto ng pangangalaga nito?

Ang pagbibigay ng mga target na minuto ng pangangalaga ay sinusukat bilang bahagi ng Staffing Star Rating para sa bawat tahanan ng pangangalaga sa matatanda. Maaari mong makita ang Staffing Star Rating ng iyong tahanan pati na rin ang dami ng oras ng pangangalaga na inihatid sa iyong tahanan kumpara sa mga target nito sa pamamagitan ng tool na My Aged Care ‘Find a Provider’ [Maghanap ng Provider] sa Staffing Star Rating tab: myagedcare.gov.au/find-a-provider.

Ina-update ang impormasyong ito sa ika-4 na buwan pagkatapos ng katapusan ng bawat kwarter (tatlong buwan).

Maaari mo ring makita ito sa aming website:
https://www.health.gov.au/resources/publications/service-level-care-minutes-performance-in-residential-aged-care-from-october-2023

## Paano kung walang sapat na tauhan ang aking aged care home?

Sa ilang bahagi ng Australia, tulad ng mga rehiyonal at liblib na lugar sa bansa, maaaring mahirapan ang mga aged care home na makuha ang lahat ng mga manggagawa sa pangangalaga na kailangan nila. Nakikipagtulungan ang gobyerno sa lahat ng mga aged care home upang matulungan silang makakuha ng mas maraming manggagawa sa pangangalaga. Para sa karagdagang impormasyon: health.gov.au/topics/aged-care-workforce/what-were-doing.

## Ano ang dapat kong gawin kung mayroon akong mga alalahanin tungkol sa mga kawani sa aking aged care home?

Kung nag-aalala ka kung tama ba ang mga minuto ng pangangalaga na iniulat para sa iyong aged care home, maaari kang mag-email sa amin sa ANACCReportingAssessments@health.gov.au.

Ang Aged Care Quality and Safety Commission ay tumutulong na protektahan ang kalidad ng buhay para sa mga taong naninirahan sa mga aged care home. Tutugon ang Komisyon kung saan may mga alalahanin tungkol sa pangangalagang ibinibigay. Kung nag-aalala ka tungkol sa mga kawani o anumang iba pang bagay sa iyong aged care home, maaari kang magreklamo sa Komisyon sa pamamagitan ng pagbisita sa kanilang website sa agedcarequality.gov.au/making-complaint o pagtawag sa 1800 951 822. Ang mga reklamo ay maaaring mabasa ng lahat, kumpidensyal o hindi makikilala.

### Sama-sama nating baguhin ang pangangalaga sa matatanda

Inaanyayahan namin ang mga Australyano na ipagpatuloy na magbigay ng kanilang opinyon tungkol sa mga reporma sa pangangalaga sa matatanda.

Bisitahin ang **agedcareengagement.health.gov.au**

Tumawag sa **1800 318 209** (Linya ng telepono para sa libreng tawag sa reporma sa pangangalaga sa matatanda)

Para sa mga serbisyo ng pagsasalin, tumawag sa 131 450 at magpakonekta sa 1800 318 209. Upang gamitin ang National Relay Service, bumisita sa nrschat.nrscall.gov.au/nrs para piliin ang iyong gustong access point sa kanilang website, o tumawag sa NRS Helpdesk sa 1800 555 660.